


# ULAT MARKAHAN

## PAGPIGIL SA BANTA NG HIV PARA SA MGA BATA AT KABATAANG BABAE



### REPUBLIKA NG PILIPINAS



#### PAMBANSANG ESTATISTIKA:

Laki ng populasyon	85.3 million <sup>1</sup>
Haba ng buhay sa Pilipinas mula sa kapanganakan	70.00 years <sup>2</sup>
Porsyento/bahagi ng populasyon na mas bata sa 15 taon	35% <sup>3</sup>
Populasyon na mas mababa ang kita sa poverty line na \$1 per day	14.6% <sup>4</sup>
Female youth literacy rate (% ages 15-24)	95.7% <sup>5</sup>
Youth literacy rate (female rate as % of male rate ages 15-24) <sup>i</sup>	101% <sup>6</sup>
Median age sa unang pagpapakasal sa kababaihan (ages 25-49) in 2003	22 years <sup>7</sup>
Median age sa unang pagtatalik sa mga kababaihan (ages 15-24) in 1993 <sup>ii</sup>	22.9 years <sup>8</sup>
Median age sa unang pagtatalik sa mga kalalakihan (ages 15-24) in 1993	No data available <sup>9</sup>
Health expenditure per capita bawat taon	\$153 <sup>10</sup>
Contraceptive prevalence rate <sup>iii</sup>	49% <sup>11</sup>
Maternal mortality rate per 100,000 live births	200 <sup>12</sup>
Main ethnic groups » Tagalog 28.1%   Cebuano 13.1%   Ilocano 9%   Bisaya/Binisaya 7.6%   Hiligaynon Ilonggo 7.5%   Bikol 6%   Waray 3.4%   other 25.3% <sup>13</sup>	
Main religions » Roman Catholic 80.9%   Evangelical 2.8%   Iglesia ni Kristo 2.3%   Aglipayan 2%   other Christian 4.5%   Muslim 5%   other 1.8%   unspecified 0.6%   none 0.1% <sup>14</sup>	
Main languages » Two official languages – Filipino (based on Tagalog) and English; eight major dialects – Tagalog, Cebuano, Ilocano, Hiligaynon or Ilonggo, Bicol, Waray, Pampango, and Pangasinan <sup>15</sup>	



#### MGA BILANG UKOL SA HIV AT AIDS:

Adult HIV prevalence rate ng 2005	0.1% <sup>16</sup>
HIV prevalence rate sa kababaihan (edad 15-24) ng 2005	Walang datos na pagkukunan <sup>17</sup>
HIV prevalence rate sa kalalakihan (edad 15-24) ng 2005	Walang datos na pagkukunan <sup>18</sup>
Dami ng namatay dahil sa AIDS ng 2005	<100 <sup>19</sup>
Tinatayang dami na naulila (edad 0-17) ng 2005	Walang datos na pagkukunan <sup>20</sup>



#### PAGPIGIL SA BANTA NG HIV PARA SA MGA BATA AT KABATAANG BABAE:

Kalahati sa bilang ng populasyon ng Pilipinas ay nabibilang sa edad ng dalawampu't isa (21) at pababa<sup>21</sup>. Sa lupon ng edad na ito pababa, kapansin-pansin na dumarami ang bilang ng mga nakaranas o nakakaranas na ng pakikipagtalik,<sup>22</sup> at kalimitan ay higit sa isa pang kapareha at hindi protektado o walang ginagamit na anumang uri ng proteksyon.<sup>23</sup> Sa mga kababaihan, one third o higit sa kalahati ay nakaranas na ng pagbubuntis sa edad na dalawampu't isa (21).<sup>24</sup> Karaniwang higit na nalalagay sa panganib at banta ng pagkakaroon ng HIV ang mga kabataang babae dahil sa mga sumusunod: ang kultural ng pagtingin sa sex bilang kabastusan at isang bagay na di dapat pinag-uusapan ng mga di pa nag-aasawa; impluwensya ng simbahan sa pagbabawal ng paggamit ng kondom; ang pagiging ilegal ng sex work o pagbebenta ng panandaliang aliw; mataas na bilang ng mga palipat-lipat ng tirahan o tahanan dahil sa iba't ibang dahilan; at matataas na antas ng sexually transmitted infections lalo na sa mga kabataan na edad dalawampu't walo (18) hanggang dalawampu't apat (24).<sup>25</sup> Aninapung porsyento (60%) ng mga kabataan ang naniniwala na hindi sila kailanman makakakuha ng HIV.

### PANIMULA

#### ANG ULAT MARKAHAN NA ITO AY SUMUSUBOK MAGBIGAY NG MAIGSING KABUUAN SA PAGPIGIL NG HIV PARA SA MGA BATA AT KABATAANG BABAE SA PILIPINAS.

Ang Ulat Markahan na ito ay bahagi ng isang serye na binuo at nilathala ng International Planned Parenthood Federation sa ilalim at pakikipagtulungan ng Global Coalition on Women and AIDS at sa tulong at suporta ng United Nations Population Fund at ng Young Positives.

Ang Ulat Markahan na ito ay isang **kasangkapan sa advocacy**. Layunin nitong palaguin at pagibayuhin ang mga programa, polisiya at pagbibigay pondo sa mga gawain upang pigilan ang bantang dulot ng HIV sa mga kabataang babae sa Pilipinas. Its key audiences are **national, regional and international policy and decision-makers, and service providers**. Binibigyang diin nito ang mga pangako ng mga bansa sa buong daigdig lalo na iyong mga natukoy sa Political Declaration on HIV/AIDS sa nakaraang High Level Meeting noong June 2006. Ang pagpupulong na ito ay ginanap bilang susog sa United Nations General Assembly Special Session on AIDS (UNGASS)

Ang pinakikita ng ulat markahan na ito ay ang **kasalukuyang antas at estado ng mga gawain upang mapigilan ang paglaganap ng HIV kasama ang pagbibigay ng serbisyo ukol dito sa mga kabataang babae ng edad labinglima (15) hanggang dalawampu't-apat (24) sa Pilipinas**. Mayroon itong pagsusuri sa limang mahahalagang sektor na nakaapekto sa antas ng pagpigil sa paglaganap ng HIV. Ang mga ito ay:

1. Legal ng probisyon
2. Probisyon sa mga Polisiya
3. Mga serbisyong maaring makamtan
4. Dali ng Pagkuha ng Serbisyo
5. Pakikilahok at Karapatan

Nagbibigay din ito ng mga **mungkahi** para sa mga kinaukulan upang mapalawig at mapabuti ang kanilang gawain sa pagpigil ng banta ng HIV sa mga kabataang babae.

Ang Ulat Markahan na ito ay bunga ng isang masusing pananaliksik na isinagawa ng IPPF noong 2006. Kabilang sa mga metodolohiyang ginamit ay ang pagsusuri sa mga lathalain at reports at pananaliksik sa loob ng Pilipinas upang magkaroon ng qualitative na kaalaman. Ang bunga ng pananaliksik na ito ay buong nakalathala sa Research Dossier on HIV Prevention for Girls and Young Women in the Philippines (maaring humingi ng kopya sa IPPF).

## MGA MAHALAGANG KAALAMAN:

- Sa Pilipinas, ang **pinakamababang edad na pinapayagan ng batas** upang magpakasal ay labingwalo (18). Subalit, may sampung porsyento ng mga kababaihan may edad labinglima hanggang labingsiyam (15–19), lalo na yung mga mula sa mahihirap na pamilya at kulang sa edukasyon, ay nangagsisipag-asawa na.<sup>27</sup>
- Bagama't ang Saligang Batas ay walang anumang probisyon patukoy sa karapatang seksuwal at pang-reproduktibo ng mga kababaihan, wala namang batas ang tahasang nagsasabi na kinakailangan ng **permiso o pagsang-ayon ng magulang** upang makakuha ng anumang serbisyong tumutukoy doon. Sang-ayon sa nakasanayan, napakalimitado ng mga serbisyong pang reproduktibo at seksuwal ang ipinagkakaloob sa mga kabataan. May mangilan-ngilang ding mga health clinics ang tahasang tumatangi sa pagbibigay ng mga impormasyon o kaalaman hinggil sa pakikipagtalik.<sup>28</sup>
- Ang Philippine AIDS Prevention and Control Act (1998) ay tumutugon sa iba't ibang uri ng mga isyu na maaring makahadlang sa pagsugpo sa pagkalat ng HIV at AIDS. Kabilang dito ang **pagbibigay proteksyon sa kanilang katauhan at ang paglaban sa pagtatangi o diskriminasyon** sa mga taong pinaghihinalaan o nakakitaan ng HIV. Isang malinaw na halimbawa nito ay ang pagpapataw ng kaparusahan, maaring pagkabilanggo, pagmumulta, o ang pagsuspindi ng lisensya, sa mga health professionals na lalabag dito.<sup>29</sup>
- Ang sinuman na wala pang labingwalong (18) taong gulang ay nangangailangan ng pahintulot ng magulang bago sumailalim sa isang **pagsusuri ng HIV**. Pinagbabawalan ng Philippine AIDS Prevention and Control Act ang **sapilitang pagsusuri** (maliban lamang sa ibang pagkakataon), subalit hinihikayat nito ang boluntaryong pagpapasuri para sa mga taong may mataas na probabilidad ng pagkakaroon ng impeksyon.<sup>30</sup>
- Ayon sa Revised Penal Code ng Pilipinas, ang **aborsyon** ay legal lamang kung ito ay naglalayong makapagligtas ng buhay ng isang nagdadalantao. Mabigat ang parusa sa sinumang lalabag dito. Subalit, halos kalahating porsyento ng mga nagsilang ang nagsasabing hindi na nila nais mabuntis pa nung mga panahon na sila ay di sinasadyang mabuntis. Katunayan, noong taong 2000, tinatayang may 319,000 na mga kabataang babae ang naitalang nagpa-aborsyon, at karamihan sa mga ito ay na-ospital dahil sa komplikasyon.<sup>31</sup>
- Ang Anti-Violence Against Women and their Children Act (2004) ay tumutukoy sa mga **karahasan ukol sa kasarian**. Subalit, ayon sa pulisya, ang numero ng mga insidenteng naitala ay tumaas ng anim na beses mula 1996 hanggang 2005, na may halos ikalimang bahagi nito ay patungkol sa kasong rape.<sup>32</sup>
- Bagama't itinuturing na ilegal, ang **pagbebenta ng sex** ay karaniwan nang nangyayari sa maraming lugar. Bilang tugon sa maaring maisanhi nito, mayroong mga pampublikong pagamutan at mga klinika na nagbibigay ng mga pagsusuri para sa mga sexually transmitted infections at nagbibigay ng mga pink cards bilang patunay na sila ay "ligtas" at maaring magtrabaho sa mga bars at lansangan.<sup>33</sup>
- Wala namang karampatang batas na sumasakop sa **harm reduction o yaong pag-iwas sa dagdag ng pinsala** na maaring idulot ng pagturok ng karayom para sa mga nagtuturok na drug users. Bagaman sila ay nahaharap din sa kaparehong pangamba na magkaroon ng HIV infection, ang isyu patungkol sa mga nagtuturok ay isa pa ring malaking usapin dahil sila ay tinuturing na kriminal, ayon na rin sa batas, sa halip na bigyan ng karampatang proteksyon upang maka-iwas sa sakit.<sup>34</sup>

## MGA ISYU AT KURO-KURO:

- "Ang kawalan ng **batas** na magtataguyod ng mga sapat na serbisyo para sa kalusugang pang-reproduktibo ay nagpapalala o nagsisilbing sagabal sa paglaganap ng mga programa upang mapigilan ang pagkalat ng HIV." (Panayam sa isang Opisyal mula sa isang ahensiya ng United Nations)
- "*Marami na tayong mga batas na maaaring makapagpapaunlad sa kalagayan ng kababaihan subalit, kulang na kulang ang buong **pagpapapatupad ng maraming patakaran**.*" (Panayam sa isang Opisyal ng United Nations)
- "Kulang tayo sa mga batas na nagtataguyod ng **karapatan** at nagpapagaan ng kahirapan. Dahil dito, higit na tumataas ang panganib na maaring idulot ng HIV at AIDS sa kanila." (Panayam sa Direktor ng isang HIV and AIDS NGO)
- "*Ang **batas patungkol sa HIV at AIDS** ay dapat isakatuparan sa sinasakupang local. Subali't kahit na may batas, maging ang mga pulitiko ay nananatiling kulang ang kaalaman tungkol dito.*" (Panayam sa Direktor ng isang HIV and AIDS NGO)
- "Ang pagpigil sa paglaganap ng HIV, gaya ng nasasaad sa AIDS Law ay sumasaklaw sa pagbibigay ng proteksyon sa lahat. Subalit kung titingnan ang katotohanan, ang simpleng pangangailangan ng **pahintulot ng magulang** para sa mga kabataang babae upang makakuha ng serbisyong pang-reproduktibo ay isang malinaw na salik na nakapigil sa pagiging epektibo nito." (Panayam sa isang Trainer mula sa isang HIV and AIDS NGO)
- "*Nakasaad sa AIDS Law (1998) na kahit maaring talakayin o pag-usapan ang **kondom** sa konteksto ng edukasyon ukol sa HIV ay hindi maaring banggitin ang pagpapalano ng pamilya.*" (Panayam sa isang Pinuno ng Departamento ng isang pambansang NGO na tumatalakay sa kalusugang seksuwal ang pangreproduktibo)
- "**Habang nakikipagtulungan sa mga kababaihan na positibo sa HIV** at mga datihan nang paninisi at kahihyan ang binibigyang diin kapag sila ay nahahawaan sa pakikipagugnayan sa hindi nila asawa." (Panayam, empleyado, NGO na sumusuporta sa OFW at grupong sumusuporta sa sex workers)
- "*Higit pa sa mga panukalang batas, ang mga **makalumang kagawian at kultura** ang higit na nakapagpapatindi sa banta ng HIV para sa mga kababaihan may asawa. Halimbawa nito ang kagawian na inasahan na makipagtalik ang mga kababaihan sa kanilang asawa ng walang kakayanan na igiti na magkaroon ng ligtas na pakikipagtalik.*" (Panayam sa isang Trainer mula sa isang HIV and AIDS NGO)
- "Hinuhuli kami ng mga **pulis** tuwing nangangailangan sila ng pera." (Mula sa isang focus group discussion kasama ang mga kababaihan sangkot sa sex work sa Cebu)
- "*Ang mga **[gumagamit ng bawal na gamot sa pamamagitan ng pagtuturok]** ay siyang pinakamahirap abutin ng mga programang nagpipigil sa paglaganap ng sakit sa kadahilanang sila ay karaniwang tinuturing ng mga kriminal.*" (Panayam, Trainer, HIV and AIDS NGO)
- "Isang malalim at komprehensibong batas patungkol sa **kalusugang seksuwal at pangreproduktibo** ay kinakailangang ipatutupad sapagka't maaari itong makapagbibigay ng mas higit na kapangyarihan sa mga kababaihan upang maitaguyod ang kanilang kapangyarihang makapagdesisyon sa mga bagay na may kinalaman sa mga usaping pangkalusugan na maaring makaapekto sa kanila. Ang batas na ito ay dapat ding tumutukoy sa mga pangangailangan ng mga batang kababaihan." (Panayam sa isang Trainer mula sa isang HIV and AIDS NGO)



### MGA MAHALAGANG KAALAMAN:

- Ang pambansang pagtukoy sa **serbisyong pangkalusugang sekswal at pangreproduktibo** ay karaniwang makaluma at hindi malinaw, karaniwang hindi pa kabilang dito ang pagtugon sa usapin ukol sa HIV at AIDS. Isang halimbawa ay ang kawalan ng nakalaang salapi para sa pagkakaroon ng serbisyong pang-sekswal at reproduktibo sa mga health outlets na wala rin naming sariling patakaran upang makapagdesisyon kung paano sila makapaghahatid ng naturang serbisyo.<sup>35</sup>
- Ang Fourth Medium Term Plan (2005-2010) ay may **malawak na saklaw** sa pagtugon sa AIDS katulad ng pagpigil sa pagkalat at pangangalaga, pagtulong at panggagamot di lamang sa may sakit kundi pati na sa iba pang mga naapektohan.<sup>36</sup>
- Ilan sa mga positibong pamamaraan na isinusulong ng Fourth Medium Term Plan ay ang sumusunod:
  - Nangangakong pagtibayin ang **pagkakapantay-pantay ng bawat kasarian sa pamamagitan ng pagtugon sa kanilang mga pangangailangan** at pagtataguyod ng kanilang mga karapatan.
  - Pagbibigay diin sa pagkakaroon at **proteksyon para sa mga taong** kumukuha ng serbisyo.
  - Pagbibigay diin sa pagsugpo ng pangambang dulot ng HIV sa mga **marginalised groups**, tulad ng mga sex at migrant workers at para sa mga nagtuturok ng droga.
  - Pagtaguyod sa **karapatan ng mga taong may HIV**.<sup>37</sup>
- Hindi tahasang tinutukoy ng Fourth AIDS Medium Term Plan ang pagbibigay ng libreng **gamot laban sa HIV**. Hindi rin nito tahasang tinutukoy ang kahalagahan na **boluntaryong pagpapayo at pagsusuri** na kinakailangan ng mga kabataang babae.<sup>38</sup>
- Ang pambansang **alituntunin para sa antenatal care** ay hindi sumasaklaw sa opsyon ng pagsusuri ng HIV, samantalang bibihira lamang ang serbisyong pumipigil sa pagkakahawa ng isang anak sa kanyang ina.<sup>39</sup>
- May mga nauna nang mga gawain, tulad ng iyong mga nasasaklawan ng Adolescent Youth and Development Program, na nagtataguyod ng mga pagsasanay sa mga pamamaraang angkop sa kabataan para sa mga **health workers**.<sup>40</sup>
- Bagama't nangangako ang Philippine AIDS Prevention and Control Act na isama ang pag-iwas sa HIV sa **edukasyon** ng mga kabataang elementarya, hayskul at kolehiyo, isinasaad din dito na nangangailangan pa rin ng pahintulot ng magulang at kailangang hindi ito gamiting dahilan upang magturo o itaguyod ang contraception. Ang Fourth AIDS Medium Term Plan naman ay naglalayong makapagbigay ng impormasyon upang makaiwas sa HIV di lamang sa mga kabataan na nasa loob ng paaralan kundi pati na rin iyong mga hindi nakapag-aral. Subalit sa katotohanan, ang usapin na ilahok sa curriculum ang pagtuturo ng sex education ay laging tampulan ng kontrobersiya. Isang halimbawa nito ay ang pagpipilit ng mga makarelihiyong mga grupo na ipaubaya na lamang sa mga magulang ang pagtuturo ng ganitong mga kaalaman.<sup>41</sup>

### MGA ISYU AT KURO-KURO:

- “Ang mga **patakaran** ng pambansang pamahalaan hinggil sa kalusugang pang-reproduktibo ng mga kabataan ay hindi malinaw.” (Panayam sa Direktor ng isang HIV and AIDS NGO)
- “*Walang anumang patakaran sa kalusugang pangreproduktibo... Ang administrasyon ay labag dito.*” (Panayam, empleyado, NGO na sumusuporta sa OFW at grupong sumusuporta sa sex workers)
- “Hindi nangangahulugan na dahil lamang nasasaad sa mga patakaran na ang paghahatid ng serbisyo ay **para sa lahat** kabilang na ang mga kabataan at kababaihan sa nakatatanggap ng sapat at angkop na impormasyon at mga serbisyo. Sa katunayan, marami sa mga programang pang-sekswal at reproduktibo ay di nakaabot sa mga dapat na tigatanggap nito dahil lamang sa maraming mga programang pangkalusugan ng gobyerno ay hindi kumikilala sa sexual health needs ng mga kabataang babae na tinuturing na wala pang sapat na gulang upang makipagtalik.” (Panayam sa isang Pinuno ng Departamento ng isang pambansang NGO na tumatalakay sa kalusugang sekswal at pangreproduktibo)
- “*Kinakailangan tayong lumihis mula sa purong bio-medical na pagtingin sa usapin ng HIV at AIDS... at umpisahang na nating kilalanin ito bilang isang problemang sumasakop sa mga aspetong sosyal, kultural, pulitikal at pang-ekonomiya.*” (Panayam sa isang Pinuno ng Departamento ng isang pambansang NGO na tumatalakay sa kalusugang sekswal at pangreproduktibo)
- “Walang isang naitatag na programa patungkol sa **sex education** ang naipapatupad ng Department of Education o kahit man lamang iyong isang kurso na pareparehong ituturo sa lahat. Kung mayroon man, karamihan ay para sa mga out-of-school youth at ang nilalaman at pagtalakay nito ay hindi gaanong malalim at bio-medical ang pamamaraan ng pagtuturo.” (Panayam sa isang kawani ng NGO na tumulong sa mga OFW at mga sex workers)
- “*Noong araw, pawang para lamang sa mga sex workers (at mga bakla) ang siyang binibigyang pansin pagdating sa mga programa tungkol sa HIV at AIDS. Subalit, ito ay hindi upang sila ay mabigyan ng sapat na proteksyon kundi sila ay karaniwang tinitingnan bilang mga sanhi ng pagkalat ng sakit. Sa ngayon, marami nang mga pag-aaral ang nagpapasinungaling dito bagkus ay nagsasabi na ang mga kostumer ng mga tinaguriang sex workers ang, karaniwan mga kalalakhian na umuuwi sa kani-kanilang mga asawa ang nagiging sanhi ng pagkalat ng sakit. Ayon sa mga pinakahuling pagsusuri at pananaliksik, ang mga babaeng nakakikitaan ng HIV ay karaniwang monogamous o sa mga asawa o iisang kapareha lamang nakikipagtalik.*” (Panayam sa isang kawani ng NGO na tumulong sa mga OFW at mga sex workers)
- “Pagdating sa mga **nasusulat ng mga patakaran at polisiya**, marami na ang Pilipinas. Ang mas kinakailangan ay ang pagsasakatuparan ng mga nakasulat. Maganda ring magkaroon ng pagsasama ng iba't ibang sektor na may kinalaman sa ganitong usapin gaya ng mga lokal na pamahalaan kasama ang iba pang mga partners tulad ng mga NGO at mga kagawaran ng Kalusugan, Edukasyon at ng Social Welfare.” (Panayam sa isang Pinuno ng Departamento ng isang pambansang NGO na tumatalakay sa kalusugang sekswal ang pangreproduktibo)



### MGA MAHALAGANG KAALAMAN:

- Ang mga **serbisyo para sa pangkalusugang sekswal at reprodutibo** ay di karaniwan kahit sa mga maliliit ng pasilidad pangkalusugan. Isang halimbawa ay ang pagbabawal ng lungsod ng Maynila na mamigay ng mga contraceptive sa mga pampublikong klinika nito.<sup>42</sup>
- May mga NGO na gumagamit ng youth focused strategies sa kanilang mga gawain at gumagamit din ng malawak na uri ng mga pamamaraan sa kanilang pagtugon sa **pag-iwas sa HIV**, tulad ng pagbibigay diin sa mga kaalaman sa buhay at peer education approach. Ngunit dahil na rin sa lawak ng kanilang mga layunin, ang mga ito ay karaniwang hindi sapat o tahasang tumutukoy sa mga tunay na sanhi ng pagkalat ng sakit tulad ng di pantay na pagtingin ayon sa kasarian ng isang tao. Liban dito, bibihira ang mga organisasyon na parehong tumutugon sa parehong grupo ng kasarian o kahit man lamang ang pagbibigay ng lugar upang ang dalawa ay makapagtagpo.<sup>43</sup>
- Ang mga social hygiene clinics para sa mga **sex workers** ay makikita sa ilang lugar, pero hindi lahat. Layunin ng mga ito ang pagkontrol sa mga kababaihang nasa sex work at hindi madalas nagbibigay ng pribadong serbisyo.<sup>44</sup>
- Noong taong 2003, mayroon nang serbisyong **boluntaryong pagsusuri at pagpapayo** sa may 500 mga lugar sa bansa. Subalit sa katotohanan, bihira lamang sa mga ito ang totoong sumusoporta sa layunin ng programang ito at nagbibigay ng mataas na antas ng serbisyo. Iisa lang din ang ospital na nakapagbibigay ng pagsusuri upang matukoy kung positibo o hindi ang isang pasyente sa HIV. Samantala, noong 2004, 56 na lugar ang nagbigay ng mga serbisyo para **maiwasan ang pagkakahawaan ng HIV sa mag-ina**.<sup>45</sup>
- Nabibilang lamang ang mga pasilidad ng nagbibigay ng serbisyong care and support o iyong **pagbibigay ng kalinga at tulong** sa mga taong namumuhay na may HIV at lalong walang serbisyong ganun na para lamang sa mga bata.<sup>46</sup>
- Maaring makakuha ng gamot para sa HIV o sa ingles na **"antiretroviral therapy"** sa mga pampublikong ospital sa Lungsod ng Maynila subalit walang ganoong uri ng gamot na para lamang sa mga bata. Samantala, mayroon namang ilang mga grupo na tumutugon sa **pagbibigay tulong at suporta sa mga taong positibo** sa HIV at nagiging kaagapay nila sa pagbibigay ng atensiyon sa pamumuhay bilang mga positibo at gayun ang kanilang kalusugang sekswal at pang-reprodutibo.<sup>47</sup>
- Sa katotohanan, maraming mga kababaihan, bata man o matanda ang nagsasabing hindi sila nakatatanggap mula sa kanilang mga **paaralan** ng edukasyon patungkol sa kalusugang sekswal at pang-reprodutibo o kahit na tungkol sa HIV at AIDS. Sa mga lugar na nagbibigay ng ganoong uri ng edukasyon, ang mga itinuturo ay madalas kulang o di naman kaya ay mali dahil ang mga nagtuturo ay kulang sa kaalaman at sapat ng kasanayan upang magturo ng higit pa sa kasalukuyang pananaw na biomedical.<sup>48</sup>
- Lumalabas sa mga pag-aaral na higit pa sa 30% ng mga namumuhay na may HIV ay mga **Overseas Filipino Workers** (karaniwan ay mga kababaihan). Ang mga umaalis na manggagawa ay walang sapat na kaalaman patungkol sa HIV at bibihirang nakikipagtalik gamit ang mga ligtas na pamamaraan. Ang mga impormasyong nakukuha nila ay kadalasang nakukuha lamang sa mga pagsusuri sa HIV na kailangang nilang pagdaanan para sila ay makapasok sa isang bansa.<sup>49</sup>
- May mga **kondom** para sa mga kalalakihan, subalit ang supply ay lubhang bumaba. Naging tampulan lamang ito ng malakas na kontrobersiya ng lipunan at relihiyon. Hindi rin ito malawakang naipamamahagi at kadalasan ay sa mga tukoy na grupo lamang tulad ng mga sex workers. Samantala, hindi naman ganun karami ang kondom na sa mga kababaihan.<sup>50</sup>
- Iba't ibang uri ng mga gawain ng mga NGO upang **itaas ang antas ng kaalaman** ng mga mamamayan patungkol sa HIV at peer education ang malimit nilang gamiting pamamaraan.<sup>51</sup>
- Ang **mga serbisyong pang harm reduction (services)** para sa mga gumagamit ng droga sa pamamagitan ng pagtuturok ay bukas lamang sa mga nabibilang na lugar.<sup>52</sup>

### MGA ISYU AT KURO-KURO:

- "Pagdating sa mga serbisyo ukol sa pag-iwas sa HIV at mga programa para sa mga **bata at kabataang babae**... huwag nang asahan pa ang pamahalaan... wala silang ganoong uri ng serbisyo." (Panayam, Puno ng Kagawaran, national NGO focusing on sexual and reproductive health)
- "*Walang anumang serbisyo at impormasyon na nakararating sa mga **pamayanan**. Ang tanging narinig namin tungkol sa AIDS ay iyong mga nakukuha lamang sa media*" (Focus group discussion kasama ang isang grupo ng mga kababaihan sa Maynila)
- "Mas kailangan namin ang sapat na **kaalaman** tungkol sa HIV at AIDS sa halip takutin kami sa pamamagitan nito." (Focus group discussion sa isang grupo ng mga kababaihan sa Cebu)
- "*May mga nararanasan kaming pagtutol buhat sa mga **magulang**... marahil sanhi na rin ito ng nakaugalian na di dapat pinag-uusapan ng mga kababaihan ang sex.*" (Panayam sa Direktor ng isang HIV and AIDS NGO)
- "Umaabot lamang ng 45 minuto ng isang araw ang isang oriyentasyon sa HIV at AIDS [para sa **Overseas Filipino Worker**]." (Panayam, Trainor, HIV at AIDS NGO)
- "*Ang buong isyu tungkol sa mga **condom** ay usaping ideolohiyikal lamang. Kailangang na nating kalimutan ang ganitong mga pananaw sapagkat kahit na marami tayo nito, hindi naman ginagamit ng mga kalalakihan.*" (Panayam sa Direktor ng isang HIV and AIDS NGO)
- "Kaunti lamang ang mga kaalaman patungkol sa kalusugang sekswal at pang-reprodutibo sa mga **paaralan** dahil ang mungkahing kurikulum tungkol dito ay hindi maayos na naipapatupad." (Panayam sa isang Trainer mula sa isang HIV and AIDS NGO)
- "*Ang dapat na pag-usapan dito ay kung alam bang karamihan, lalo na ng mga kabataang babae, kung mayroon bang serbisyo para sa isang boluntaryong **pagpapayo at pagsusuri** na maari nilang makuha. Ang totoo, malamang ay wala silang nalalaman.*" (Panayam sa isang Trainer mula sa isang HIV and AIDS NGO)
- "Ang nais naming ay magkaroon ng mga serbisyo tulad ng mga **gamot**, pangangalaga at pagsuporta na sadyang para sa mga kababaihan at kabataang babae." (Focus group discussion kasama ang isang grupo ng mga kababaihan sa Maynila)
- "*Kahit na sa mga lugar at sitwasyon na kung saan malayang nakakakuha ng impormasyon, madalas ay wala pa rin **sapat na kakayanan** ang mga kababaihan at mga kabataang babae upang humingi ng ganito.*" (Panayam sa Direktor ng isang HIV and AIDS NGO)





### MGA MAHALAGANG KAALAMAN:

- May iba't ibang **aspetong kultural, politikal at pinansyal** ang nakahahadlang sa mga kababaihan upang makatangap ng mga serbisyo para sa kanilang kalusugang sekswal at pang-reproduktibo gayundin ng sa pag-iwas sa HIV. Ilan dito ay ang mga sumusunod:
  - Kawalan ng angkop na serbisyo lalo na iyong mga kaiga-igaya sa kabataan.
  - Konserbatibo at makalumang pananaw ng mga kawani na siyang nakapigil sa mga kabataan, lalo na iyong mga babaeng walang asawa, upang humingi ng mga naturang serbisyo.
  - Mga nakasanayang kaugalian na nagbibigay ng karapatan na kontrolin ng kalalakihan ang mga kababaihan lalo na sa mga bagay ng may kinalaman sa kanilang kalusugang sekswal at pang-reproduktibo gaya ng di pagpapagamit ng kondom, pagpapasuri sa anumang karamdaman, at iba pa.
  - Mga kasanayan at kulturang iginigiit ng relihiyon at kultura gaya ng pagiging passive ng kababaihan pagdating sa sex.
  - Mataas na halagang katapat ng bawat serbisyo gaya ng kondom, pagpapasuri sa HIV, atbp.)
  - Maling panghuhusga na kaakibat ng HIV at AIDS.<sup>53</sup>
- Ang pagtanggap at pagkuha ng mga **serbisyo para sa kalusugang sekswal at pangreproduktibo** ay karaniwang inaayon sa pagiging kasal ng isang tao sa halip na edad. Sa katotohanan, mas binibigyang pansin ang mga kabataang ikinasal na kaysa doon sa mga humihingi ng kaparehang serbisyo subalit hindi pa kasal.<sup>54</sup>
- Bagama't isinasaad sa Fourth AIDS Medium Term Plan na may tamang paraan ng pagsasanay sa mga **kawani ng kalusugan** o health workers upang makapagbigay ng kaaya-ayang serbisyo para sa kabataan, ang pagiging mapanghugsa ng maraming health workers ay isang matinding hadlang kung bakit ang mga kabataan kahit na yaong positibo sa HIV ay natatakot na lumapit.<sup>55</sup>
- Maliban sa pagkakaroon ng kakaunting supply ng **kondom**, ang pananaw ng simbahan na nagtuturo ito ng pakikipid at para lamang sa mga sex workers ay isang malaking balakid sa pagpapalaganap ng paggamit ng kondom. Ang ganitong mga pananaw ang siyang isa sa mga dahilan kung bakit 68% ng mga kalalakihan ay nakikipagtalik na hindi gumagamit ng kahit na anong uri ng proteksyon.<sup>56</sup>
- Ang pagbibigay lunas para sa mga **sexually transmitted infections** gayundin ang **boluntaryong pagpapayo at pagpapasuri** ay hindi ibinibigay ng libre sa mga pampublikong pagamutan at klinika. At ayon sa mga nakalap na impormasyon, bihira lamang ang mga babaeng nagpapasuri ng ganitong mga karamdaman kumpara sa kalalakihan. Ito ay kahit pa kinikilalang mas mataas ang banta nito sa mga kababaihan.<sup>57</sup>
- Noong una, ang mga serbisyong ganito sa mga social hygiene clinics ay binibigay na libre para sa mga **sex workers** subalit ng lumaon ay nag-umpisa nang maningil ang ilan sa kanila.<sup>58</sup>
- Upang magamit ang **karampatang panlunas para sa HIV at AIDS**, kinakailangang magbiyahe pa ng isang pasyente sapagkat ang mga ito ay matatagpuan lamang sa malalaking mga lunsod at nangangahulugan ng malaking halaga. Ang mga **antiretrovirals** naman ay hindi ibinibigay ng libre at nagkakahalaga ng humigit kumulang \$50 kada buwan. Dahil dito, karaniwan sa mga taong namumuhay na may HIV ay umaasa na lamang sa mga donasyon o di naman kaya ay kumukuha ng kanilang gamot sa ilegal na pamamaraan.<sup>59</sup>

### MGA ISYU AT KURO-KURO:

- “Ang ganitong mga serbisyo ay sadyang bibihira at kakaunti para sa mga kababaihan lalo na sa mga bata at kabataang babae. Maliban na lamang kung sila ay kasapi sa mga piling grupo (tulad ng mga sex workers at migrants), hindi madali para sa kanila ang makakuha ng impormasyon patukoy sa ganitong serbisyo.” (Panayam sa isang Trainer na mula sa isang HIV and AIDS NGO)
- “Ang **tiga-pagbigay ng serbisyo** ay nagugulat kapag ang isang babae ay hindi kasal, lalo pa kung siya ay bata pa.” (Focus group discussion sa isang grupo ng mga nakababatang kababaihan sa Maynila)
- “Ang mga **makalumang kaugalian at nakasanayan** ay isang malaking hadlang sa pagkakaroon ng sapat na serbisyo para sa HIV, una na dito ay panghuhusga at kahihiyan... bagama't simple lang, ang isa pang dahilang kung bakit hindi ganun kahalaga ang makakuha ng serbisyo ang mga kabataan ay ang kawalan ng kaalaman sa panganib na banta ng HIV sa kanila.” (Panayam sa isang Trainer na mula sa isang HIV and AIDS NGO)
- “Ayon sa mga pinakahuling pag-aaral, karaniwan sa mga babaeng nakikitang positibo sa HIV ay **walang ibang nakakatalik maliban sa kanilang asawa o partner.**” (Panayam sa isang kawani ng isang NGO na kumakalinga sa mga migrant at sex workers)
- “Karaniwan sa mga kalalakihan at **batang lalaki** ang mga higit na kaalaman pagdating sa mga usapin tungkol dito [HIV at AIDS] kaya sila din ang madalas na nakakaalam kung paano makakuha ng mga kaukulang serbisyo – isa ring dahilan kung bakit hindi sila masyadong nagiging tampulang ng panghuhusga at panghihiya.” (Panayam sa Direktor ng isang HIV and AIDS NGO)
- “Maraming kababaihan ang umaasa na lamang sa kanilang mga **asawa** upang magdesisyon sa tahanan... gayundin ang kaso pagdating sa pagpapasuri [para sa HIV at AIDS].” (Panayam sa isang kawani ng isang NGO na kumakalinga sa mga migrant at sex workers)
- “Noong minsan kami ay **nagpasuri**, matagal naming nakuha ang resulta nito dahil ipinapadala pa nila sa Maynila.” (Focus group discussion sa isang grupo ng mga sex workers sa Cebu)
- “Lahat ng mga kababaihang naghahanapbuhay [bilang sex worker] ay **nakakapagpasuri.**” (Focus group discussion sa isang grupo ng mga sex workers sa Cebu)
- “Ang mga **mabubuting kaugalian patungkol sa kalusugan** ay nananatiling mababa at malaking suliranin. Halimbawa, isa sa mga kadahilanan kung bakit mataas ang antas ng mga Overseas Filipino Workers na natutuklasang positibo [sa HIV] ay dahil sa ang mga bansang kanilang patutunguhan ay sadyang naghahanap nito bago pa man sila ay dumating doon.” (Panayam, Direktor, HIV at AIDS adbokasiya at mga serbisyo NGO)
